## Gaano kabisa ang bakuna?

Ang bakuna sa meningococcal ay isang ligtas at epektibong paraan upang maprotektahan ang mga kabataan laban sa sakit na meningococcal.

Ang isang dosis ng bakunang meningococcal ACWY ay tunay na mabisang proteksyon laban sa apat na uri ng sakit na meningococcal.



## Gaano kaligtas ang bakuna?

**Ang bakuna sa meningococcal ay ligtas. Ang mga programa sa pagbabakuna ng Meningococcal ACWY ay isinasagawa na para sa mga tinedyer sa UK mula pa noong 2015 at sa U.S. mula pa noong 2005.**

Tulad ng lahat ng mga bakuna, ang ilang mga tao ay maaaring magkaroon ng reaksyon.

Ang mga ito ay karaniwang banayad at maaaring kabilang dito ang:

- pananakit, pamamaga o pamumula ng bahaging tinurukan
- sakit ng ulo, pagkahapo, at lagnat
- pagduduwal at kawalan ng ganang kumain.

Ang malubhang epekto mula sa bakuna ay napakabihira lang.

Kung ikaw ay nag-aalala tungkol sa reaksyon sa iyong anak, humingi ng payong medikal.

**Bakunang meningococcal ACWY para sa kabataan**

**Maaari mong malaman ang higit pa tungkol sa kaligtasan ng mga bakuna sa meningococcal sa website ng Therapeutic Goods Administration tga.gov.au**

**health.gov.au/immunisation**

# Bakunang meningococcal ACWY para sa kabataan

**Ang sakit na meningococcal ay malubha, ngunit maaari kang maprotektahan laban dito.**



**health.gov.au/immunisation**

Australian Government
Department of Health

National Immunisation Program

A joint Australian, State and Territory Government Initiative

# Bakunang meningococcal ACWY para sa kabataan

## Ano ba ang sakit na meningococcal?

**Ang sakit na meningococcal ay nangyayari kapag ang bakteryang meningococcal, na karaniwang matatagpuan sa ilong o lalamunan, ay umatake sa katawan at naging sanhi ng malubhang sakit.**

Ang mas nakatatandang mga tinedyer at mga batang adulto ay mas malamang na magdala ng mga bakterya at magkalat nito sa iba.

May iba't ibang uri ng bakteryang meningococcal. Sa buong mundo, ang pangunahing mga uri na sanhi ng sakit na meningococcal ay A, B, C, W at Y.

Kabilang sa mga sintomas ng sakit na meningococcal ang lagnat, sakit ng ulo, pagsusuka, paninigas ng leeg o pananakit ng mga kalamnan, na minsan ay sinusundan ng mga pantal na pula o lila.

Ang sakit ay maaaring maging sanhi ng mga komplikasyon na kabilang ang mga permanenteng kapansanan dahil sa pagkawala ng mga biyas, pagkabingi at pagkabulag, pagkapilat at pagkasira ng bato o atay.

Lima hanggang sampung porsyento ng mga pasyenteng may sakit na meningococcal ay namamatay, na kung minsan kahit pa naagapan ang paggamot.

## Bakit kailangang magpabakuna?

**Bihira lang ngunit seryosong sakit ang meningococcal at maaaring kaagad malagay sa panganib ang buhay.**

Ang bakunang meningococcal ACWY ay nagbibigay ng proteksyon laban sa apat na uri ng sakit na meningococcal, kabilang ang dalawang uri na naging mas karaniwan sa Australya sa nakalipas na mga taon, na sanhi ng mga uri ng bakteryang W at Y.

May magkahiwalay na bakunang nagbibigay ng proteksyon laban sa uring meningococcal B. Makipag-usap sa iyong GP o iba pang tagapagbigay ng pagbabakuna para sa karagdagang impormasyon tungkol sa bakunang ito.

## Pag-ulit ng dosis ng bakuna sa meningococcal

Kung ang isang karapat-dapat na tao ay tumanggap ng isang dosis ng bakunang meningococcal C sa pagkabata, inirerekomenda pa rin na mabakunahan ng bakunang meningococcal ACWY sa kanyang kabataan. Ang bakunang meningococcal ACWY ay nagbibigay ng proteksyon laban sa mga uring A, W, Y at bukod pa rito ay magpapalakas ng naturalesa laban sa uring C.

## Paano ka magpapabakuna?

**Ang bakunang ito ay libre para sa lahat ng mga estudyante sa Year 10 na may edad 14 – 16 na taon sa pamamagitan ng mga programa sa pagbabakuna sa paaralan. Kahit pa ang iyong anak ay may edad na 14 – 16, hindi siya makakatanggap ng bakuna sa paaralan kung wala siya sa nararapat na baitang.**

Ang mga estudyante sa nararapat na baitang ay bibigyan ng form ng pahintulot ng kanilang paaralan. Ang form ng pahintulot na ito ay dapat lagdaan ng isang magulang o tagapag-alaga at ibalik sa paaralan bago sila mabigyan ng bakuna.

Ang mga kabataan na may edad 15 hanggang 19 na taong gulang, na hindi nakatanggap ng bakuna sa paaralan, ay makakatanggap nito mula sa kanilang GP o iba pang tagapagbigay ng pagbabakuna.

## Paano ko malalaman kung ang aking anak ay nabakunahan na?

**Ang Australian Immunisation Register ay nagtatabi ng rekord ng mga pagbabakuna na ibinigay sa Australya.**

Maa-access ng mga magulang o tagapag-alaga ng mga bata na wala pang 14 na taong gulang ang pahayag ng kasaysayan sa pagbabakuna ng kanilang anak anumang oras sa pamamagitan ng online account ng inyong Medicare sa myGov (my.gov.au).

Makikita ng mga kabataan na may edad 14 o higit pa ang pahayag ng kanilang kasaysayan sa pagbabakuna, o maaaring magpahintulot sa Kagawaran ng mga Serbisyong Pantao na ibigay sa iyo ang access sa kanilang mga pahayag.

## Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

- **Makipag-usap sa iyong GP o sa iba pang tagapagbigay ng bakuna.**
- health.gov.au/immunisation